Para sa mga residenteng nasira ang bahay o sasakyan sanhi ng pag-uulan simula Hunyo 2 at nagkaroon ng problema sa trabaho sanhi nito, pakibasa ang mga sumusunod.

① **Katibayan na nasalanta ng kalamidad (*Risai shōmeisho*)**

Maaari kayong sumangguni tungkol sa katibayan na nasalanta ng kalamidad. Nakasaad sa katibayan kung ang iyong tahanan ay ganap na nasira o bahagyang nasira.

- Tanggapan ng konsultasyon

Sa city hall o munisipyo ng iyong tinitirhang lugar.

② **Mga taong ganap na nasira ang bahay at hindi na ito puwedeng tirhan**

Maaari kayong tumanggap ng ayuda na hanggang 2,000,000yen.

Tanggapan ng konsultasyon

- Sa city hall o munisipyo ng iyong tinitirhang lugar.

③ **Mga nagkaroon ng kapansanan sanhi ng pagkasugat o pagkakaroon ng sakit sa pag-iisip**

Maaari kayong tumanggap ng ayuda na hanggang 2,500,000yen.

- Tanggapan ng konsultasyon

Sa city hall o munisipyo ng iyong tinitirhang lugar.

④ **Mga nasiraan ng tahanan o nasugatan**

Maaaring umutang hanggang 3,500,000yen.

- Tanggapan ng konsultasyon

Sa city hall o munisipyo ng iyong tinitirhang lugar.

⑤ **Panlalawigang buwis (*kenzei*)**

Kapag nasira ang bahay o sasakyan at hindi kayo makapagbukas ng iyong tindahan, maaari ninyong gawin ang alinman sa sumusunod.

1. Ipagpaliban ang pagbabayad ng panlalawigang buwis.
2. Mapabawasan ang babayarang panlalawigang buwis.

- Tanggapan ng konsultasyon

Para sa mga naninirahan sa Lungsod ng Shimoda at Bayan ng Higashiizu-cho, Kawazu-cho, Minamiizu-cho, Matsuzaki-cho at Nishiizu-cho.

→ Tanggapan ng Pananalapi sa Shimoda Tel: 0558-24-2012

Para sa mga naninirahan sa Lungsod ng Atami at Ito.

→ Tanggapan ng Pananalapi sa Atami Tel: 0557-82-9056

Para sa mga naninirahan sa Lungsod ng Numazu, Mishima, Gotemba, Susono, Izu, Izunokuni at Bayan ng Kannami-cho, Shimizu-cho, Nagaizumi-cho at Oyama-cho.

→ Tanggapan ng Pananalapi sa Numazu　Tel: 055-920-2013

Para sa mga naninirahan sa Lungsod ng Fujinomiya at Fuji.

→ Tanggapan ng Pananalapi sa Fuji　Tel: 0545-65-2122

Para sa mga naninirahan sa Lungsod ng Shizuoka.

→ Tanggapan ng Pananalapi sa Shizuoka Tel: 054-286-9112

Para sa mga naninirahan sa Lungsod ng Shimada, Yaizu, Fujieda, Makinohara at Bayan ng Yoshida-cho at Kawanehon-cho.

→ Tanggapan ng Pananalapi sa Fujieda　Tel: 054-644-9166

Para sa mga naninirahan sa Lungsod ng Iwata, Kakegawa, Fukuroi, Omaezaki at Kikugawa at Bayan ng Morimachi.

→ Tanggapan ng Pananalapi sa Iwata　Tel: 0538-37-2206

Para sa mga naninirahan sa Lungsod ng Hamamatsu at Kosai.

→ Tanggapan ng Pananalapi sa Hamamatsu　Tel: 053-458-7123

⑥ **Mga nasiraan ng gusali**

Ang bayad sa aplikasyon para sa pagpa-ayos ng nasirang gusali o pagpapatayo ng panibagong gusali ay maaaring mabawasan.

● Tanggapan ng konsultasyon

Opisina na Nagpapatunay ng Inspeksyon ng mga Gusali, Dibisyon para sa Promosyon ng Ligtas na Arkitektura, Lalawigan ng Shizuoka Tel: 054-221-3075

⑦ **Mga nagtatrabaho sa agrikultura, panggugubat at pangingisda**

Maaaring makautang ng pera sa mababang interes ang mga nagkaproblema sa trabaho at pang-araw-araw na pamumuhay.

- Tanggapan ng konsultasyon
  Kooperatiba ng mga nasa Agrikultura sa Shizuoka (JA)
  Tanggapan sa Shizuoka, Kooperatiba ng mga Mangingisda

⑧ **Mga nagmamay-ari ng maliit na negosyo**

Maaaring makautang ng pera sa mababang interes ang mga kumpanya na nagkakaproblema.

- Tanggapan ng konsultasyon
  Sa ginagamit na bangko, Samahan ng mga Mangangalakal atbp. kung saan may kasalukuyang utang.

| |
|---|
| Kung nais sumagguni sa wikang banyaga, tumawag sa Camellia (Pangkalahatang Tanggapang Konsultasyon para sa Dayuhang Residente) Tel: 054-204-2000 |